Tagalog

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center（GIC）
International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

Pebrero 2022 No.152



© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモ # 0195

## Simulan natin ang ＳＤＧｓ!






"SDGs" ay abbreviation ng "Sustainable Development Goals" na pinagtibay sa United Nations Summit noong Setyembre 2015.

Ang mga bansa ay sumang-ayon na gawing mas maganda ang mundo at bumuo ng 17 Goals na nais makamit sa taong 2030.

Ngayon, ang mundo ay nahaharap sa maraming hamon tulad ng kahirapan, kagutuman, pagbabago ng klima, mga nakakahawang sakit, energy crisis, gender inequality at iba pa. Ang SDGs, na may prinsipyo na "walang maiiwan (leave no one behind)" sa mundo, ay magiging isang paraan upang mabuhay sa hinaharap.

Hinihimok ang lahat ng mga indibidwal na umaksyon sa abot ng iyong makakaya sa iba't ibang mga isyu sa lipunan, kapaligiran, atbp.

### Tinuturing na SDG ang mga halimbawang ito! Simulan kumilos sa sariling bahay!




**Goal 3: Mabuting Kalusugan at Maayos na Pamumuhay**

- Magpa- health checkup o pagbabakuna
- Mag-ehersisyo nang katamtaman






**Goal 4: Dekalidad na Edukasyon para sa lahat**

- Kausapin mo ang iyong pamilya o kaibigan tungkol sa iyong pangarap sa hinaharap
- Maingat na paggamit ng school materials at mga papel






**Goal 15: Protektahan ang Yamang Lupa**

- Paghiwalayin at maayos na itapon ang basura
- Huwag magtira ng pagkain






**Goal 17: Pagtutulungan para sa mga Adhikain**

- Talakayin ang mga SDG sa mga kasamahan sa trabaho o sa paaralan



## Seiryu no Kuni Gifu “Pag-recruit ng network members ng SDGs”

Itinatag ang "Seiryu no Kuni Gifu" SDGs Promotion Network sa Gifu, na nagpapalaganap at nagbabahagi ng impormasyon ng SDGs at nagbibigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral. Pakitingnan ang Gifu Prefectural homepage para sa mga detalye tulad ng mga network at mga halimbawa ng mga inisyatiba ng SDGs.

**< Para sa mga Katanungan >**

Gifu Prefecture Seiryu no Kuni Development Policy Division SDGs Promotion Office
〒 500-8570 Gifu-shi,
Yabuta Minami 2-1-1
Tel：058-272-8251
Email：c11122@pref.gifu.lg.jp

https://www.pref.gifu.lg.jp/page/26370.html



Gifu Prefecture SDGs | Search

# Report ng mga nakaraang Aktibidad

## Comprehensive Learning Classes na may 2 tema "Pag-iwas/ Pagbabawas ng Kalamidad" at "Career", Ginanap para sa mga bata ng Brazilian School 'HIRO Gakuen'

Batay sa pag-progreso ng permanenteng paninirahan ng mga dayuhang residente at pagdami ng mga dayuhang bata, nagsusumikap ang aming Center na lumikha ng isang ligtas at matiwasay na kapaligiran kung saan ang mga dayuhang residente, kasama ng mga Hapon, ay magiging independent at aktibong miyembro ng lokal na komunidad. Gumagawa kami ng mga pagkakataon para gumanap ka ng isang aktibong papel.

Bilang bahagi nito, nagsagawa kami ng isang Comprehensive Learning Class na may dalawang tema "Pag-iwas/ Pagbabawas ng Kalamidad at Career" para sa mga bata ng Brazilian school- HIRO Gakuen.

## Iligtas mo ang iyong Sariling Buhay!

### Countermeasures sa Lindol  Oktubre 25 (Lunes)

"Alam mo ba kung bakit nagkakaroon ng malaking lindol?" "Alam mo ba kung paano ililigtas ang sariling buhay kapag may lindol?"
Ang mga ganitong tanong ang sinagot at ipinaliwanag ni G. Ito ng Prefectural Government Disaster Prevention Division sa mga mag-aaral sa 2nd at 3rd Year HS. Natututunan nila kung paano nangyayari ang lindol, kung paano nakakasira ng sobra ang isang malaking lindol noon sa Prepektura ng Gifu, at kung anong mga paghahanda ang kinakailangan upang maprotektahan ang sarili at ang pamilya sakaling magkaroon muli ng lindol.





### Flood Damage Countermeasures  Oktubre 29 (Biyernes)

Lumahok rin ang mga bata ng elementary Grade 2 at 3. Si G. Nomura ng Civil Engineering Office ng Prefectural Office ay gumamit ng model debris flow para ipakita na ito ay napakadelikado kahit malayo, tulad ng pagguho ng bundok kapag umuulan ng malakas, ang tubig ng ilog na umaapaw at nakakasira ng bahay. At, upang maprotektahan ang iyong sariling buhay, mahalagang malaman ang mga mapanganib na lugar nang maaga, upang malaman ang lugar sa paglikas at ang paraan upang pumunta, sa evacuation center at suriin ang ulan at ilog sa TV at Internet ay itinuro rin.





## Mangolekta ng maraming Impormasyon tungkol sa Akademiya at Career!

Ikaw na Junior o Senior High student, nag-iisip ka na ba kung ano ang gusto mong gawin pagka-graduate? May pangarap ka ba na nais maging? Makakatulong at importante sa iyong pagde-desisyon kung agad kumuha ng maraming impormasyon tungkol sa mga paaralan o mga trabaho.

### Hands-On Tour sa Prefectural International Takumi Academy  Nobyembre 11 (Huwebes)

Tinutulungan ang mga mag-aaral sa 2nd year Senior HS palawakin ang kanilang kaalaman tungkol sa mga career paths o mga vocational choices na maaari nilang piliin pagka-graduate sa pamamagitan ng tours sa Production Engineering Department ng academy at hands-on experience sa crafting. Nagkaroon din sila ng oportunidad na makita ang trabaho sa madaming production factories sa Gifu Prefecture.





### Lecture mula sa Postgrad na Senpai  Nobyembre 24 (Miyekoles)

Mr. Leonardo Miyamoto, an international exchange member from Brazil, talked to students in the third year of junior high school about his career based on his own experiences. Leonardo, who has experience in elementary and junior high schools in Brazil and Japan taught what kind of influence did the different cultures and culture shocks he experienced so far, he also mentioned the need to learn Portuguese and Japanese, and gave some advice to think about the future.





## Ang “My Number Card” ay maaaring gamitin bilang Health Insurance Card!

Kailangang ibalik o palitan ang Health Insurance Card kapag lumipat ng trabaho o nagretiro, ngunit kung mag-apply nang maaga sa "My No. Portal (Myna Portal)", magagamit mo ang iyong My Number Card bilang health insurance card sa mahabang panahon. Gayunpaman, mahalagang tandaan, kakailanganin mo pa ring magsumite ng abiso tulad ng pagsali sa health insurance.

### Mga benepisyo sa paggamit ng “My Number Card- Health Insurance Card”!

① Magagamit para sa sariling health management!
- Maaari mong i-browse ang resulta ng mga partikular na medical exams at impormasyon sa mga iniresetang gamot. Maaari mo itong gamitin para sa mas mahusay na medical care.

② Hindi na kailangan ang “Certificate of Eligibility para sa Ceiling- Amount Application”
- Kung kailangan magbayad ng malaking halaga ng medical bills para sa pagpapaospital o operasyon, maaari nang bawasan ang gastos sa counter kahit na wala kang Eligibility Certificate for Ceiling-Amount Application (*Gendo-gaku tekiyo nintei-sho*)

③ Kapag nakapag-apply ka, maaari itong gamitin bilang isang Health Insurance Card sa mahabang panahon !

### Saang mga Medikal na Institusyon ito maaaring gamitin?

Maaari itong magamit sa mga ospital, clinic at parmasya na may sticker at poster ng "Myna *uketsuke*".

Ang listahan ng mga medical institutions at parmasya ay nasa website ng Ministry of Health, Labor and Welfare at bukas ito sa publiko.




https://www.mhlw.go.jp/stf/index_16743.html

※Iba-iba ang panahon ng simula ng operasyon ng sistema na ito sa bawat institusyon, kaya’t mangyaring dalhin muna pansamantala ang iyong Health Insurance Card.




### Paano mag-apply

① I-install ang "Mynaportal AP"
  ▶ Start

② My Number Card ay maaaring gamitin bilang Health Insurance Card
  ▶ Apply

③ Sumasang-ayon sa Terms Of Use

④ Ilagay ang ang PIN code noong natanggap mo ang iyong My Number Card

⑤ I-scan ang “My Number Card
  ▶ Finish

### IMga katanungan tungkol sa pag-apply para sa Health Insurance Card

My Number General Free Dial　0120-95-0178
(sundin ang voice guidance at magpatuloy sa pagkakasunud-sunod ng “4-2”)
Weekdays 9:30~ 20:00　Sabado, Linggo at Pista Opisyal 9:30~17:30
(hindi kasama ang Year End at New Year)
※Wikang Hapon lamang

# Information

## Kokoro no Soudan

Sa Gifu International Center, nag-aalok kami ng "Kokoro no Soudan" kung saan maaari kang sumangguni sa isang Propesyonal na Counselor ang tutugon sa inyong konsultasyon.

Kailangan mo ba ng makikinig sa iyo? Gusto mo lang ba ilabas ang sikip ng iyong dibdib?may mga bagay ka bang ikinababahala at hindi masabi o mai kwento sa pamilya o kaibigan?

Nababahala ba sa pamilya, trabaho o sa mga tao sa paligid･･･walang motibasyon･･･palaging nakakaramdam ng lungkot･･･

Patuloy ang pagka balisa at hindi makatulog･･･palaging nag aalala tungkol sa trabaho, anak at pamilya･･･

Ikaw ba ay nag-alala tungkol sa iyong sariling kalusugan at kalusugan ng iyong pamilya?

Gusto mo lang bang maglabas ng sama ng loob, mapakinggan at mabigyan ng payo?

Humingi ng payo sa pagpapa laki ng anak? Humingi ng payo tungkol sa asawa?

Mangyaring makipag-ugnayan sa aming center para sa mga detalye tulad ng iskedyul ng pagpapatupad.

## Ipagpatuloy ang Basic Countermeasures sa Pagkontrol ng COVID-19 Infection!

- Maingat na ipatupad ang mga sumusunod na hakbang, kabilang ang mga tapos ng magpabakuna (dahil sa peligro ng breakthrough infection).
  - Pagsusuot ng Mask (Non-woven mask, tight sealed ang bibig at ilong)
  - Kalinisan sa Kamay (epektibo ang sabon, tubig at alcohol)
  - Pag-iwas sa 3 C's (closed spaces, crowded spaces at close contact, iwasan ang kahit isa lamang sa 3 C's)
  - Madalas na Bentilasyon (pagpapalit ng hangin)
  - Pagmamatyag sa Pisikal na kondisyon (itigil ang lahat ng mga aktibidad kabilang ang pagpasok sa trabaho at paaralan kapag masama ang pakiramdam)
- Iwasan ang mga sumusunod na "5 sitwasyon" na nagdaragdag ng panganib ng impeksyon.
  - Mga "Social gatherings" na may pag-inom ng alak (Ito ay dahil nababawasan ang atensyon sa pag-iingat at lumalakas ang boses)
  - Madaming bilang ng tao at mahabang panahon ng kainan at inuman (second party, third party, late-night na palipat-lipat ng lugar ng inuman, atbp.)
  - Pag-uusap nang walang mask (Mag-ingat kapag nakasakay ng kotse o bus)
  - Pamumuhay sa isang maliit na espasyo (karaniwang mga lugar tulad ng mga dormitory, silid-aralan at banyo)
  - Paglipat-lipat ng kinaroroonan (mag-ingat sa mga break room, smoking areas, changing rooms, atbp.)
- Maingat na ipatupad ang mga pangunahing hakbang sa pagkontrol ng impeksyon sa paglabas pasok sa mga Prepektura, pag-uwi o sa mga business trips.
- Piliin gamitin ang mga pasilidad na nagpapatupad ng mga "Preventive Control Measures".
- Kapag uuwi o galing mula sa isang malayong lokasyon, inirerekumenda namin ang masusing mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon bago umalis o pagdating sa patutunguhan.
- Upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa mga batang wala pang 12 taong gulang at kanilang mga pamilya, hinihimok na gawin ang mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon tulad ng pagsuporta sa pagpapabakuna ng mga magulang o kapamilya at paghuhugas ng kamay kapag galing sa labas, atbp.

## Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

Huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa amin tungkol sa anumang mga problema na may kaugnayan sa inyong pang-araw-araw na buhay (buwis, pabahay, edukasyon, Welfare, atbp.). Susuportahan namin kayo sa paglutas ng inyong mga problema sa pakikipagtulungan sa mga kinauukulang mga pampublikong institusyon. ※Medical Interpreters ay hindi available.

Araw at Oras：Lunes hanggang Biyernes　9:30~16:30
※Maliban sa Pagtatapos ng Taon at mga Pista Opisyal

Numero ng Telepono：058-263-8066

Wika：English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Indonesian, Thai, Khmer (Cambodia), Nepali, Myanmar, Spain, Malay at Mongolian

**COVID-19 INFORMATION**

**Kung may anumang problema, tumawag lamang sa amin!**

Mga ganitong problema:
・"Para akong nilalagnat ... hindi kaya nahawa ako ng COVID-19?"
・Nahihirapan na kami sa araw-araw dahil nabawasan ang kita sa epekto ng COVID-19. and it's hard to make ends meet
・" Paano magpa- vaccine?"
・" Saan pwedeng mag pa PCR, dahil nais umuwi sa sariling bansa?"



**COVID-19 Foreign Language Consultation Center**　TEL 058-263-8066
(14 Languages available)

Consultation Center para sa mga Banyagang Residente ng Gifu Prefecture

Inilathala ng
**Gifu International Center (GIC)**
Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875
☎ 058-214-7700　FAX 058-263-8067
E-mail gic@gic.or.jp　URL https://www.gic.or.jp
Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00
Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon
Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu
**2022 Pebrero 1**
**(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)**




